

RELEASED



Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon III
SANGAY NG LUNSOD NG ANGELES



NOV 22 2016

Doped Angeles City
Division of City Schools

Nobyembre 22, 2016

Memorandum Pansangay

Blg. 398, s. 2016

PANSANGAY NA PATIMPALAK SA TAGISAN NG TALINO SA FILIPINO

Sa Mga: Punong-guro/Lider sa Filipino ng mga Pampublikong Paaralang Sekundarya

1. Malugod na ipinagbibigay-alam sa lahat ang imbitasyon ng ating Sangay sa 2016 Pansangay na Patimpalak sa Tagisan ng Talino sa Filipino na gaganapin sa Francisco G. Nepomuceno Memorial High School sa ika-2 ng Disyembre, 2016.
2. Ang *registration fee* ay libre lamang.
3. Kalakip nito ay ang mga alituntuning dapat na istriktong sundin ng mga kalahok at gurong tagapagsanay sa patimpalak.
4. Itinatagubilin ang malawakang pagbibigay-alam sa nilalaman ng memorandum na ito sa mga kinauukulan.


LEILANI S. CUNANAN, CESO VI

Officer-In-Charge

Office of the Schools Division Superintendent

RCdair

(Enclosure #1 to Division Memorandum No. ____s. 2016)

MGA PANUNTUNAN SA 2016 PANSANGAY TAGISAN NG TALINO SA FILIPINO

KATEGORYA:

- A. Malikhaing Pagsulat ng Photo Essay
- B. Informance

PATNUBAY SA PAGLAHOK:

1. Malikhaing Pagsulat ng Photo Essay

A. Kalahok

- Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral mula sa Baitang 7 o Baitang 8

B. Panuntunan

- Ang tema ng susulating Photo Essay ay ibibigay sa araw ng paligsahan.
- Ang malikhaing pagsulat ay tatagal ng isang (1) oras.

C. Pamantayan

a. Orihinalidad (40%)

b. Organisasyon (35%)

- Kasasalaman ng kulturang/pagpapahalagang Pilipino
- May kawili-wiling panimula, gitna at pangwakas na bahagi
- May kaakibat na malikhaing estilo ng pagsulat
- May kaangkupan sa tema, edad at interes ng target na mambabasa

c. Mekaniks (25%)

- Gumamit ng wastong bantas
- Gumamit ng wasto at angkop na salita
- Gumamit ng mga wastong tayutay, pahiwatig, simbolismo at iba pang elemento ng isang malikhaing akda

2. Informance (Pagbibigay ng Impormasyon sa Pamamagitan ng Pagtatanghal- Giving Information through Performance)

A. Mga Kalahok

- Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral mula sa Baitang 9 o Baitang 10
- Ang bawat pangkat na kalahok ay binubuo ng apat na kasapi/mag-aaral at isang tagapayo/tagapagsanay.

B. Panuntunan

- Ang piyesa ay nagsusulong ng adbokasiya (Advocacy) tungkol sa pagpapataas ng kamalayan sa kahalagahan ng Kulturang Pilipino
- May halong musical o paawit ang pagtatanghal
- Ang pagtatanghal ay hindi bababa sa labinglimang (15) minute at hindi lalampas sa dalawampung (20) minute.

C. Pamantayan

Iskrip – 40%

- a. Orihinalidad
- b. Kaangkupan sa tema
- c. Makatotohanan
- d. Taglay ang mga elemento ng isang iskrip

Pagtatanghal – 60%

- a. Kasuotan at props
- b. Naglalahad ng kultura ng bansa
- c. Kilos o galaw ng mga tauhan
- d. Tinig/musikalidad
- e. Kasinangan/pagkamalikhain ng pagtatanghal
- f. Dating sa mga manonood
- g. Walang tagpuan